

# Prologue

*H*is hands travelled to every sensitive part of her body. Magkahugpong pa rin ang mga labi nila. Ayaw ring paawat ng bibig nito sa pagsipsip sa dila niya. Lalo siyang napasabunot sa buhok ng kapareha nang paglandasin nito ang dila sa kanyang leeg at tumigil iyon sa kaliwang dibdib niya. She was too wet. Her femininity waited for something huge and hard to enter...

Pero nabigo si Kimberly nang ma-realize niyang nanaginip lang pala siya. Epekto marahil iyon ng pagiging brokenhearted niya. Hindi ang ex niyang si Clint ang lalaking nakasama niya sa panaginip. Sino ang estrangherong iyon?

# CHAPTER *One*

“*A*no na naman ang nakain mong bata ka at bigla kang sumulpot dito nang walang pasabi? Alam ba ito ng ama at ina mo?” sunod-sunod na tanong ng Lolo Temyong sa biglaang pagdating ni Kimberly. May kasamang panenermon iyon base sa tono ng boses nito.

“Lo naman, parang ayaw mo yatang umuuwi ang paborito mong apo dito, eh.”

“Paborito? ’Kuu! Bakit, may choice ba ako? Nag-iisa lang naman kitang apo. ’Yong tanong ko, hindi mo pa sinasagot. Alam ba ito ni Margarita?”

“Opo. Sila pa nga ang may gusto na umuwi ako dito.”

“May ginawa ka na naman yatang kalokohan

kaya ganoon.” Sanay na siya sa lolo niya; palagi itong ‘tamang hinala.’

“Dalawin ko raw ho kayo at matagal pa bago sila makauwi dito. Akyat na po ako sa kuwarto, Lolo. Mamayang dinner na po ako bababa,” iwas niya sa sermon ng abuelo.

“Tamang-tama, sa gabi na rin ang dating ng iyong lola.” Ang Lola Conchita niya ay isang professor sa isang university sa bayan nila. Sixty-six years old na ang matandang babae, pero ayaw pa rin nitong magretiro sa serbisyo. Samantalang si Lolo Temyong naman ay nawiwiling magtanim ng kung anu-ano sa lupain nito matapos na mag-retire sa pagiging guro rin.

Habang nakapamintana ay hindi maiwasang gunitain ni Kimberly ang dahilan kung bakit bigla siyang umuwi ng probinsya nila.

*“Sobrang hirap ba sa ’yo na amining niloloko mo ako, Clint? ’Wag kang mag-aalala, I am very much willing to set you free.” Masamang-masama ang loob niya pero nungka na ipahalata niya sa damuhong ito na nasasaktan siya.*

*“Ganoon lang ba kadali ’yon, Kim? Dahil sa selos, iiwan mo na lang ako basta?” Magaling magpaawa ang lintik. Pero wa epek iyon sa kanya.*

*“Hindi ito dahil sa selos lang, Clint! Kasi alam*

*natin pareho kung ano ang totoo. Malabo lang ang mata ko, pero hindi pa ako bulag para hindi makita ang kataksilan mo!”*

Hindi alam ng mga magulang niya na wala na sila ni Clint at hindi niya rin alam kung paano sasabihin sa ina na hindi ito nagtagumpay sa matchmaking sa kanila ng dating kasintahan. Hindi niya masisi si Clint kung naghanap man ito ng iba dahil produkto lamang sila ng walang kuwentang kasunduan ng Mama Margarita niya at ina ni Clint na si Rosanna. At ang kasunduang iyon ay isang bitag na siya lamang yata ang nahulog.

Binuksan niya ang gallery apps ng kanyang cellular phone at isa-isang tinitigan ang mga larawang magkasama sila ni Clint. Sa loob ng isang taon ay natutunan niyang mahal in ang lalaki at palalim na nang palalim sana iyon. She's broken and empty, pero alam niya kung paano i-handle ang lahat. Normal lang naman na masaktan siya kasi totoo ang pagmamahal na inalay niya sa binata.

Tumayo si Kimberly at tinungo ang higaan. Hinayaan niyang tangayin siya ng antok sa kung saan. Hanggang sa isang panaginip ang dumalaw sa kanya. The man was touching her sex. The tip of his middle finger was already at the entrance of her core. Lumiliyad siya sa sarap na nararamdaman.

Hanggang sa...

Mahihinang katok na nagmumula sa solidong pinto ang pumuno sa tainga niya. Marahan niyang iminulat ang mga mata at dumeretso ang tingin sa nakabukas na bintana. Ilang beses siyang lumunok upang habulin ang nangangapos na hininga.

Wala na siyang maaninag kaya alam niyang gabi na. Halos may dalawang oras din pala siyang nakatulog. Ganoon kahabang oras na pinaligaya siya ng estranghero sa panaginip. Paulit-ulit lamang iyon. Pero palagi na lang siyang nabibitin.

“Kimberly!” Pamilyar sa kanya ang tinig na nasa labas ng pinto. Uminat siya nang ilang saglit at patamad na bumangon. Hindi na siya nag-abalang hanapin ang sapin sa paa.

“Andiyan na ho,” sagot niya nang muli siyang tinawag ng lola niya.

Agad siyang nagmano sa matanda nang pagbuksan niya ito ng pinto. Ginantihan naman nito iyon ng mahigpit na yakap.

“Bumaba ka na at maghahapunan na tayo. Mamaya na kita uusisain kung bakit biglaan ang uwi mo dito.” Tumulikod na ito.

“Susunod na ho ako.”

Isinampay ng dalaga sa balikang tuwalya saka mabilis na bumaba ng hagdanan. Pagkatapos niyang

maghilamos ay tumungo siya sa kusina at natagpuan niyang naghihintay sa kanya ang dalawang matanda. Agad na nanuot sa ilong niya ang aroma ng tinolang manok. Native chicken! Mabilis siyang umupo sa katapat na silya at nag-umpisang magsandok ng kanin. Mayamaya ay itinulak palapit sa kanya ng lolo niya ang isang mangkok.

“Ibinukod ko na ang paborito mo at baka kasi matukso pa akong agawan ka,” natatawang wika nito. Alam na niya kung ano ang laman ng mangkok; iyon ang mga parts ng manok na mabuto.

“Thank you, Lo! Paborito n’yo talaga ako.” Umismid lang ito dahil sa pambobola niya.

Nakatatlong sandok na si Kim ng kanin nang biglang magsalita ang lola niya. “Tama na ’yan at mahirap mag-diet.”

“Kuu! Hayaan mo nga ’yang lola mo. Mas maganda pag mataba. Ibig sabihin lang n’on, hindi tayo naghihirap.”

“Hindi nga tayo naghihirap pero maghihirap tayo kapag nagkasakit na dahil diyan sa paniniwala mo!”

Lihim siyang napangiti dahil sa debate ng dalawang matanda. Sanay na sanay na siya sa ugali ng mag-asawa at sweet iyon para sa kanya. Sana ganito rin siya at ang magiging asawa niya hanggang

sa pagtanda. Pero sa kalagayan ng puso niya ngayon, mukhang imposible ang inaasam niya.

“Tapos na tayong kumain kaya puwede ka nang magkuwento sa amin ng dahilan ng pagsugod mo dito.” Mabilis niyang sinulyapan ang Lola Conchita niya na titig na titig sa kanya. Pakiramdam niya tuloy ay para siyang nililitis sa loob ng court room.

Lumipas ang ilang segundo na hindi nagsalita si Kimberly. Paano ba siya mag-uumpisa? Tumikhim siya bago ibinuka ang bibig. “Wala na po kami ni Clint.” Hirap na lumabas iyon sa bibig niya, pero hindi siya puwedeng magsinungaling sa dalawang ito. Nagpalipat-lipat ang tingin niya sa mga kaharap at nagtaka nang makitang unti-unting kumawala ang ngiti sa mga labi ng mga ito.

“Mabuti naman kung ganoon,” anang lolo niya.

“Sa simula’t simula pa lang ay hindi na kami kumbinsido sa kalokohan ni Margarita at ni Rosanna.”

“Matanda na kami sa mundong ito, pero hindi kami pabor sa mga ganyang bagay,” prangkang pahayag ni Lola Conchita.

“At saka nang ipakilala mo sa amin ang Clint na ’yon, hindi ko na agad siya gusto pa sa ’yo,” dugtong ni Lolo Te.

“May higit pang darating, apo,” sinserong wika

ng matandang babae.

“Guwapo lang ang Clint na ’yon, pero wala siyang b\*yag!”

“Artemio, ’yang bibig mo! Kahit kailan talaga walang filter!” Hinampas ng lola niya ang balikat ng asawa nito.

“Naku! Matanda na ’tong apo natin. Sigurado naman akong nakakita na siya ng b\*yag.”

“Artemio! S’abi nang salain mo ’yang mga salita mo kapag nasa harap natin si Kimberly.”

Binalingan siya ng matandang lalaki. “Bakit, apo? Hindi ka pa ba nakakakita ng sinasabi ko?”

“Nakakita na ho. B\*yag ng baboy, b\*yag ng baka, kabayo at—”

“Susmaryosep! Ano ba itong pinag-uusapan natin? Hala, tumayo na tayo at baka kung saan pa mapunta ito.” Nakairap ito sa lolo niya. Nauna nang tumayo si Lola Conchita at nag-umpisang ligpitin ang mga platong pinagkainan nila.

“Ako na po. Magpahinga na po kayo.”

“Sigurado ka ba?”

Mabilis siyang tumango at hinarap na ang ligpitin sa lamesa.



Kanina pa hindi mapakali si Teresa dahil magdadalawang araw nang hindi niya ma-contact



ang panganay na anak na si Hexan. Hindi niya malaman kung saan ito nagpunta.

“Aki, p’wede bang itigil mo muna ’yang pag-computer mo at kontakin mo muna ang mga pinsan mo! Tanungin mo sila kung naligaw ba doon ang kuya mo!”

“Ma naman! Ang tanda-tanda na ni Kuya, eh! Alam na niya ang ginagawa niya!” iritadong tugon nito. Ayaw na ayaw kasi nito ng naiistorbo kapag naglalaro.

“Lahat kayo malilintikan kapag may nangyaring masama sa kuya mo! Wala talaga akong maaasahan sa inyong lahat!” patuloy na pagbunganga ni Teresa sa bunsong anak. Hindi pa rin siya mapakali sa kaka-dial ng mga number ng mga kamag-anak nila. At lahat ng mga iyon ay iisa ang sinasabi—wala roon si Hexan.

“Tumawag na tayo sa police station,” tawag-pansin ng ginang sa esposo nitong kampanteng nagbabasa ng diyaryo sa sala.

“Kumalma ka nga. Parang hindi ka sanay diyan sa anak mo na kung saan-saan pumupunta kapag brokenhearted. Hayaan mong ipagluksa niya ang kabiguan niya.”

“Iba ang nararamdaman ko, Alberto!”

“Paranoid ka lang,” tipid na komento ni Alberto

na naka-focus ang mga mata sa binabasa.

“Palibhasa wala kang pakialam sa mga anak mo!” Hindi na hinintay ni Teresa na sumagot ang asawa, agad siyang tumalilis patungong kusina. Tama nga yata ang asawa niya na dapat kumalma lang siya.



Matapos na magsuot ng paborito niyang rubber shoes ay mabilis na lumabas ng bakuran si Kimberly. Tirik na tirik ang araw pero wala siyang pakialam kung mangitim man siya. Alam na alam ng mga paa niya kung saan tutungo.

Hinubad niya ang sunglasses nang sapitin niya ang mapunong bahagi ng lupain ng lolo niya. Nasa paanan iyon ng bangin. Halos limang metro na lang ang layo niyon sa ilog. Agad niyang binuksan ang backpack niya at kinuha roon ang camera phone at nag-umpisang kuhanan ng litrato ang view ng ilog na nasa harapan niya. Mangasul-ngasul ang kulay ng tubig at kumikinang iyon dahil sa tama ng matinding sikat ng araw.

Mayamaya ay naisipan ni Kim na mag-selfie, pero bigla siyang nagulat nang mapansin sa screen ng phone niya na may nakahimlay na katawan—may dalawang metro ang layo sa likuran niya. Lalaki iyon base sa bulto ng katawan nito. Nakadapa iyon

kaya bigla siyang nahintakutan. Sa kabila ng kabang nararamdaman ni Kim ay nanaig pa rin sa kanya ang bulong ng isip na mag-usyoso. Dahan-dahan niyang nilapitan ang katawan ng lalaki.

Marahan niyang sinipa ang paa nito para malaman kung buhay pa ba ito o patay na. Hindi gumalaw ang lalaki kaya lumuhod siya upang pulsuhan ito. Nabuhayan siya ng loob nang maramdamang may pulso pa nga ito. Kasunod niyon, itinihaya niya ang lalaki at bigla siyang napaurong nang tuluyang mabistahan ang hitsura nito.

Para itong isang anghel na nahulog mula sa langit. Kulot ang lagpas-tainga nitong buhok, parang nililok din ang iling nito. Ang mga pilik-mata nito ay malantik pa kumpara sa pilik niya. Napalunok si Kim nang hawiin niya ang buhok nitong tumakip sa mga labi nito. Maliit lang ang bibig ng lalaki, pero medyo pouty ang mga labi nito.

Hindi maiwasang damhin niya ang balat nito nang hawiin niya ang mga hiblang tumabing sa mga labi nito.

Unti-unti niyang inilapit ang sariling mga labi sa mukha ng estranghero habang pigil na pigil ang paghinga. Bilang mahilig sa photography, alam niyang may magandang kalalabasan ang ginagawa

niya. Isang dangkal na lang ang layo ng mga labi niya sa bibig ng lalaki, pero bago pa niya mapindot ang shoot button ng camera phone niya ay naramdaman niyang mabilis siyang kinabig nito. Hindi pa siya nakakabawi sa pagkabigla ay sakop na nito ang mga labi niya. Dahil sa panic ay sunod-sunod niyang narinig ang pag-click ng camera niya. At aaminin niyang nag-enjoy siya sa ginagawa ng lalaki sa mga labi niya.

“Bitawan mo ako! This is rape!” bulyaw niya rito na kahit pinakawalan na ang mga labi niya ay mahigpit pa rin ang pagkakayakap nito sa kanya. Mukhang kinarma siya dahil sa kapangahasan niya.

“Look who’s talking,” titig na titig na wika nito na nakapaskil sa mga labi ang mapaglarong ngiti.

Hinampas ni Kim sa balikat ang kausap at nagpumilit na makawala sa mga bisig nito. Ilang segundo pa ang lumipas bago siya pinakawalan nito. Sabay pa silang bumangon at umupo.

“So, tell me, why did you almost rape me?” Namula siya sa tanong ng estranghero.

“Wala akong balak na pagsamantalahan ka. Nagkataon lang na perfect shots sana iyon para sa book cover na gagawin ko.”

“Writer ka?”

“Nope. ’Yong friend ko. Photographer lang ako

pero hindi professional. Nakahiligan ko lang,” aniya sa mataas pa ring boses. “Ikaw, ano’ng ginagawa mo dito sa lupain ng lolo ko at ano’ng nangyari diyan sa malaki mong sugat sa binti?” Inilabas niya ang first aid kit na nasa backpack pero pinigilan niyang magpakita ng pag-aalala para sa binata.

“Galing ako doon.” Tumingala ito at itinuro ang tuktok ng bangin. “Hindi ko alam na marupok na pala ’yong tuyong kahoy na kinapitan ko kaya tuloy-tuloy akong dumausdos. Tumama siguro ’yan sa bato.” Ininguso nito ang sugat sa binti.

“Ano’ng ginagawa mo dito sa ganitong oras?” Hindi niya napigilang paglandasin ang mga mata sa tanned nitong balat. Imbes na unahin niyang tulungan itong linisin ang sugat nito ay mas pinagsawa niya muna ang kanyang mga mata sa walang takip nitong dibdib.

“Gusto ko lang alamin kung ano pa ang meron sa taas ng bundok na ’to.”

Hindi umimik si Kimberly, bagkus ay nakatulala lang siya sa harapan ng lalaki.

“Siguro naman quits na tayo,” wika nito nang mapansin na wala siyang balak magsalita.

Bigla siyang napatuwid ng upo at tumingin dito. “What do you mean?”

“Hinalikan kita na alam kong mali, pero siguro

naman bayad na ako sa pagkakamaling iyon dahil kanina mo pa pinagsasamantalahan ang abs ko.”

“Kapag sumusuot ka sa mga ganitong lugar dapat palagi kang may dalang first aid kit,” wala sa sariling sabi ni Kim. Halatang gusto niyang umiwas sa sinabi ng kausap.

Tahimik lang na pinagmasdan ng binata ang ginagawa niyang paglilinis sa sugat nito. Sinadya niyang idiin ang bulak sa sugat nitong pinapahiran niya ng *Betadine*.

Napahiyaw ito sa sakit. “Aray!”

“Sorry. Dapat kang madala sa pinakamalapit na hospital para malinisan nang maayos itong sugat mo. Mukhang kailangan ring tahiin dahil may kalaliman ito sa bandang taas.”

Tumayo na ito na tila hindi iniinda ang sugat nito sa binti.

“Salamat,” sinserong wika nito.

“Technically, this is also my territory kasi pag-aari ito ng lolo ko kaya siguro naman may karapatan akong malaman ang pangalan mo.” Nilingon niya ang lalaki na nakasunod sa kanya.

“Hexan.”

“Wala kang tatay?”

“Meron.”

“Eh, bakit wala kang apelyido?” pasupladang

---

tanong ng dalaga.

“Hexan Alcaraz Borromeo. Ayan, kompleto na ’yan. Baka kasi sabihin mo na naman na wala akong nanay.”

“Kimberly Legazpi Rodriguez.” Nauna na siyang nag-abot ng kamay sa lalaki.

“Nice meeting you... finally,” halos pabulong na wika ng lalaki sa huling salita na lumabas sa bibig nito. Tahimik na nagpatuloy sila sa paglalakad na tanging ingay lamang ng tuyong dahon na naapakan nila ang naririnig.

## CHAPTER *Two*

**P**agpasok ni Kimberly ng kabahayan ay nagulat pa ang lolo niya na bumalik agad siya, pero sa halip na magsalita ito ay lumipad lang ang tingin nito sa lalaking nasa likuran niya.

Tumigil ang mga mata ni Lolo Temyong sa binti ng estranghero na nakabalot ng benda. Gumuhit ang pag-aalala sa mga mata ng matanda.

“Lo, si Hexan po. Naabutan ko siya malapit sa ilog, walang malay at nagdurugo ang sugat.”

Mabilis na tumalima ang kanyang abuelo at pagbalik nito ay dala na ang susi ng luma nitong kotse.

“Ano ba ang nangyari sa iyo, hijo?”

Matapos na ikuwento ng lalaki ang nangyari kay



Lolo Temyong ay mabilis na silang niyaya ng huli patungong bayan.

“Kailangan mong ma-check-up at baka may iba pang parte ng katawan mo ang tumama sa bato kaya ka nahimatay.”

Magkatabi ang dalawang lalaki sa unahan ng kotse at si Kimberly naman ay mag-isa sa likod. Ngayon niya lang napag-isip-isip na kung tutuusin ay hindi na siya kailangan sa ospital pero sumama pa siya.

*Kasi nag-aalala ka para kay Hexan*, sagot ng kabilang bahagi ng utak niya.

Pagdating sa ospital sa bayan ay nagpaiwan na lang siya sa waiting area. Alam niyang kayang-kaya na ng lolo niya na alalayan si Hexan.

Dahil mukhang matatagalan ang dalawang lalaki ay pumunta muna ang dalaga sa isang stall ng snack house para bumili ng merienda.

Halos tatlung minuto pa ang hinintay niya bago bumalik sina Hexan at Lolo Temyong. Nang nasa sasakyan na sila ay saka niya iniabot ang binili niyang merienda para sa dalawa.

“Ano’ng s’abi ng doctor?” kausap niya kay Hexan.

“Okay naman daw ang vital signs ko. Niresetahan na rin ako ng antibiotic para sa sugat ko at mefenamic acid para sa kirot,” tugon nito.

“Hindi naman pala ganoon kagrabe ang lagay mo, pero bakit wala kang malay nang matagpuan kita?”

Nagtaka siya nang biglang tumikhim ang lolo niya.

“Hayaan mo munang makapagpahinga si Hexan, apo.”

Pagpasok nila ng garahe ay naunang bumaba ng sasakyan ang dalaga saka pumasok sa bahay.

“Ang tindi hong mag-interrogate ng apo ninyo, Tatang,” komento ni Hexan nang pareho na silang nakaibis ng matanda mula sa sasakyan. “Para akong ginigisa kanina sa loob ng kotse n’yo. Talo ko pa ang nakagawa ng mabigat na krimen sa mga titig niya.”

“Binalaan na kita noon pa man na kung type mo ang apo ko, pag-aralan mo muna lahat ng kilos at sasabihin mo kasi mukhang ipinaglihi ’yan sa lie detector machine,” natatawang sagot ni Lolo Temyong. Matagal na pala talagang magkakilala ang dalawang lalaki.

“Hindi ko lang po napaghandaan na ganoon pala ang apo n’yo.”

Iling-iling na tinapik nito ang kanyang balikat.

“Basta, hijo, ipinapaalala ko lang sa ’yo na brokenhearted ’yang apo ko at ikaw naman ay nagmo-move on pa lang kaya ’wag mo munang

ituloy ang balak mong panliligaw kay Kim.”

Napabuntong-hininga si Hexan sa sinabi ng matanda. Mukhang dito nagmana si Kimberly ng pagiging prangka.



“Hindi ba kumikirot ’yang sugat mo at ikaw ang nagluluto diyan?” Hindi maiwasang mag-alala ni Kimberly para sa kalagayan ni Hexan nang mapasukan niya itong abala sa kusina.

“Don’t worry too much about me. Baka mag-assume ako.”

Muntik na siyang mabilaukan ng tubig na iniinom niya.

“At ano naman ang dapat mong i-assume, aber?”

“Na totoo ngang nag-aalala ka sa akin.” Tumigil ang lalaki sa paghahalo ng gulay na niluluto nito na sa hula niya ay chopsuey. Tila napasos siya sa mainit na titig nito sa kanya.

“Nag-aalala naman talaga ako.” Hindi niya alam kung saan siya humugot ng lakas ng loob para sabihin ang mga katagang iyon sa kausap.

“Well, thank you.”

“Malapit na bang maluto ’yan?” nguso ni Kim sa isa pa nitong niluluto. Pritong manok iyon at unang tingin niya pa lang ay natatakam na siya.

“Mga thirty minutes pa.”

Sa tuwing nasa paligid niya si Hexan ay nakakalimutan ni Kimberly na brokenhearted siya. Nawawala sa isip niyang kabaro nito ang dahilan ng biglaang bakasyon niya.

“Di naman de-uling itong pinaglulutuan ko kaya nagtataka ako kung bakit kanina ka pa titig na titig sa mukha ko. Wala naman akong dumi sa mukha, di ba?”

Bigla siyang natauhan dahil sa tanong ng lalaki. It was too late to realize that she was staring at him. Ilang beses na ba siyang nawala sa sarili kapag si Hexan ang kaharap? “Sorry,” pabulong na usal niya.

“Anyways, tulungan mo na lang akong i-prepare ang table para makakain na tayo.”

Inilatag na niya ang mga placemat sa mesa nang muli siyang magsalita. “Yong dalawang matanda, nakita mo ba?”

“Umalis. Magsisimba lang daw sila.”

Napatangu-tango siya.

“Ikaw, ayaw mo bang magsimba? Sasamahan kita.” Bigla siyang napalingon sa kinaroroonan nito.

“Sa ganyang kalagayan, nakuha mo pang mag-offer na samahan ako?” Bumaba ang tingin niya sa binti nitong may benda.

“Sasakay naman tayo, hindi maglalakad, di ba?”

Umiling ang dalaga. “Sa susunod na lang at baka

kung mapa'no ka pa. At saka mas maganda kung sa umaga magsisimba. By the way, na-contact mo na ba ang parents mo? Paniguradong nag-aalala na sila sa 'yo."

"Tapos na."

"Nas'an ba ang parents mo?" tanong ni Kim pagkalapag nito ng plato na may lamang pritong manok.

"Nasa Manila. Taga-roon kasi kami."

"Taga-Maynila ka? Paano ka nakarating dito sa Nueva Ecija?"

"May grupo kaming mga mountain climbers na nabuo five years ago at napadpad kami noon dito. I love the place kaya siguro nawili akong bumalik-balik."

"Ibig sabihin, matagal na kayong magkakilala ni Lolo?"

Tumango si Hexan. "Yup. Halos five years na rin. Sa ilog din kami unang nagkakilala. Open naman kasi sa publiko ang lupain ng lolo mo kaya napasok namin ang maipagmamalaking ilog ninyo."

"Thank you. Paborito ko ring puntahan ang ilog lalo na noong bata pa ako," nakangiting tugon ni Kimberly. Dahil sa pagkukuwentuhan nilang dalawa ay hindi niya namalayan na napaparami na pala siya ng kain.

Nagpatuloy sila ng kuwentuhan sa sala nang dumating ang lola at lolo niya. Sabay pa silang tumayo ni Hexan para magmano sa dalawang matanda.

“Kaawaan kayo ng Panginoon,” sabay na bigkas ng mag-asawa.

“Kumain na ho ba kayo?” tanong niya sa mga ito.

“Aba’y hindi pa at alam naming magluluto si Hexan. Gusto kong matikman ulit ang version niya ng pritong manok.”

Nauna nang pumasok ng kusina si Hexan upang ipaghanda ang dalawang matanda, pero agad din itong inawat ni Lola Conchita.

“Bumalik ka na sa sala. Hayaan mo na kami dito at kaya na namin. Dapat nga nagpapahinga ka.”

“Wala hong problema. Kayang-kaya naman ho.”

Pagbalik ni Hexan sa sala ay wala na roon si Kimberly. Inisip nitong baka pumasok na siya sa sarili niyang kuwarto. Dahil hindi pa inaantok, nagpasya itong lumabas ng bahay.

Agad na nasumpungan ng mga mata nito ang dalaga na nakaupo sa malaking pitak ng bato sa gitna ng maliit na garden. Ang kuwento ni Lolo Temyong ay sinadyang ilagay sa gitna ng garden ang nasabing bato sapagkat nagsisilbing mesa iyon dahil malapad at patag ang ibabaw niyon.

“S’abi ni Tatang, nagagawi ka lang daw dito kapag may problema ka. At sa nakikita ko ngayon sa ’yo, mukhang meron nga. Kanina kasi ang saya-saya mo. ’Tapos ngayon, nakatulala ka at ang layo ng tingin mo.”

“Magiging okay din ako. Di ba sa simula lang naman ang sakit? At kapag wala na ’yong pain, pagtatawanan mo na lang na minsan sa buhay mo ay naging tanga ka. Na kahit gaano ka katalino pero pagdating sa pag-ibig, nagkakamali ka. Pero minsan ayokong isipin na tanga ako. Katangahan bang ibigay mo ’yong one hundred percent love mo sa isang tao? Lalo na pag pakiramdam mo ay mahal ka din niya?

“Kung ganoon nga, ako na siguro ang pinakatanga na minahal ko ’yong taong wala ni katiting na pagmamahal sa akin. Sadyang mabait at gentleman si Clint kaya na-misinterpret ko na pareho kami ng nararamdaman.” Pasimple niyang pinahid ang luhang sumungaw sa bilugan niyang mata.

“Minsan, bayolente ang pag-ibig. Akala ng iba okay na okay ka. Pero ang hindi nila alam, nagnanaknak na pala ang sugat sa kaloob-looban mo. ’Wag mong piliting takpan ng mga ngiti mo ang sakit na nararamdaman mo kasi lalo ka lang masasaktan. Hindi masamang ipakita mo na nasasaktan ka rin.” Naramdaman na lang niya na

kinabig ni Hexan ang balikat niya at isinandal siya sa dibdib nito. It was the best feeling ever. Dinig na dinig niya ang mabilis na tibok ng puso ng lalaki.

Mayamaya ay naramdaman niyang may likidong pumatak sa kanyang braso. Tumingala siya sa langit at nakita niyang tila nagbabadya iyon ng malakas na ulan.

*Panirang ulan!* sa loob-loob ng dalaga.

“Let’s go inside. Baka lalong lumakas,” yakag sa kanya ni Hexan. Hinayaan niyang hawakan nito ang kamay niya hanggang sa makapasok sila ng sala.

“O, akala ko natutulog na kayo pareho. Saan ba kayo galing?” usisa ni Lola Conchita na nasa harap ng telebisyon. Alam niyang addict na addict ang lola niya sa mga Korean drama na ipinapalabas tuwing gabi sa isang malaking television network.

“Sa garden lang po.”

“Ah, akala ko lumabas pa kayo. ’Wag kayong basta-basta lalabas sa gabi. Iba na ang panahon ngayon.”

“Opo. Matutulog na ho ako. Good night.” Bumaling siya ng tingin kay Hexan. Nauna na siyang pumanhik sa hagdanan na gawa sa kahoy.



Kinabukasan ay tinanghali ng gising si Kimberly. Tahimik sa sala nang bumaba siya. Alam niyang



pumasok sa school ang lola niya kaya ang dalawang lalaki sa bahay ang hinanap niya, pero hindi niya matagpuan ang mga ito. Tumuloy na siya sa kusina at doon niya natagpuan si Hexan na halatang galing sa labas dahil pawisan ito.

“Si Lolo?”

“Nasa halamanan niya.” Dinig pa niya ang paglagok nito ng tubig. Mukhang uhaw na uhaw ito.

“Doon ka rin ba galing?”

“Nope. Galing ako ng palengke.”

“Namalengke ka na agad?” Heto na naman siya. Masyadong obvious na yata ang pag-aalala niya para sa lalaki.

Napansin niyang inilalabas nito sa plastic bags ang mga pinamalengke na inilagay sa lababo. Hindi niya iyon napansin kanina.

“Ikaw ulit ang magluluto?”

“This is my last day here kaya susulitin ko na.”

Bigla siyang nalungkot sa sinabi ng binata. Kung puwede nga lang niyang pigilan ito, ginawa na sana niya.

“Thank you for saving my life, Kim. Nakakahiyang aminin na ngayon lang ako nakapagpasalamat nang maayos sa 'yo.”

“Don't mind it. Kahit naman yata hindi ako dumating noong mga oras na 'yon ay mukhang

makakaligtas ka pa rin.”

Lingid sa kanya ay namutla si Hexan sa kanyang sinabi. Hindi naman kasi totoong nahimatay ito.

“Tulungan na lang kita diyan sa ginagawa mo.” Pumuwesto sila sa mesa bitbit ang supot ng mga gulay. “Ano ba ang luluuin mo?” tanong niya rito.

“Pakbet at magpiprito ng tilapia.”

Pagkarinig sa sinabi nito ay biglang kumalam ang sikmura niya. That was her favorite combination. Pero halos lahat yata ng nilutong ulam ni Hexan sa loob ng ilang araw na pananatili nito sa poder nila ay naging paborito na niya.

“Dapat nag-aral ka na lang ng Culinary Arts.”

“Bakit? Ganoon na ba ako kagaling magluto?”

“Hindi lang magaling, masarap pa.” Namula ang mukha ng lalaki dahil sa deretsahang papuri niya rito.

“Thank you. Ikaw pa lang yata ang nagsabi niyan.”

“Yong parents mo, hindi ba nila alam na masarap ka magluto?”

“Hindi ako nagluluto sa bahay. Masyado akong busy sa work.”

“Buti kahit busy ka, may panahon ka pa ring magbakasyon.”

“Minsan, ’wag mo ring ipagkait sa sarili mong

mag-isa. 'Yong wala kang iisiping problema. 'Yong p'wede mong ariin ang mundo." Ramdam niya sa bawat buka ng bibig ng lalaki na may pinagdadaanan ito. Kahit nakangiti ang kausap ay nalalambungan pa rin ng kalungkutan ang mga mata nito.

"Malungkot ka." It was a statement. Hindi na niya kailangang tanungin ito dahil halata naman.

"Ikaw din." Nagpantay ang tingin nilang dalawa.

"I know. But I am trying to be happy. Gusto kong ibalik 'yong sarili ko doon sa panahong hindi ko pa kilala si Clint."

"That's the right thing to do,"

"Ikaw, bakit ka malungkot?"

"N'ong natagpuan mo ako sa gubat, 'yon sana ang araw ng kasal ko. Six months ago was our engagement party. Mabilis na naayos ang lahat. Pero one month bago ang petsa ng kasal namin ni Ava ay bigla na lang siyang nag-message sa akin, saying that the wedding is off dahil may iba na siyang sinamahan na lalaki." Ramdam niya ang hapdi na kalakip ng mga salitang binitawan ni Hexan.

"I'm sorry to hear that." Naawa si Kim sa binata. Mas malala pala ang pinagdadaanan nito.

"Mukhang seryoso kayong dalawa diyan, ah." Sabay silang napalingon sa kinaroroonan ni Lolo Temyong. Nakasuot ito ng salakot.

“Nagpapaalam lang po si Hexan, Lo. Uuwi na siya bukas.”

“Parang ang bilis mo naman yata ngayong bumalik ng Maynila, hijo?”

“Kailangan ko na hong bumalik sa trabaho, ’Tang. At saka hindi na rin mapakali sa pag-aalala si Mama.”

“Naiintindihan ko ang iyong ina. Sige, basta bumalik ka kung kailan mo gusto. Ang bahay na ito ay laging bukas para sa ’yo.”

“Salamat, Tatang. Kay Nanang Conchi po hindi pa ako nakakapagpaalam nang maayos.”

“Ako na ang bahala sa iyong Nanang Conchi. Pasensya na kung bihira kayong magpang-abot. Masyadong busy at dedicated sa trabaho ang isang iyon.”

“Naiintindihan ko po.”

## CHAPTER *Three*

*M*asayang pinagsaluhan nila ang masarap na tanghalian na magkatulong nilang inihanda ni Hexan. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makatingin nang deretso sa lalaki. Kanina kasi ay panay ang sagi nito sa kamay o kaya sa braso niya at tititig ito sa kanya para humingi ng sorry. Sinasadya man nito o hindi, pareho pa rin ang epekto niyon sa kanya. Kinikilig si Kim. Bumilis bigla ang tibok ng puso niya. Masyado pang maaga para makaramdam siya nang ganoon para sa binata.

*Guwapo lang siya kaya ka kinikilig sa kanya, Kimberly!* sermon ng matinong bahagi ng utak niya.

Sinadya ng dalaga na gumising nang maaga kinabukasan. Nalulungkot man, gusto niya pa ring

makita ang lalaki bago ito umalis. Sukbit ni Hexan sa balikat ang camping bag nito na hindi niya alam kung kailan dinala sa bahay nila. Ang alam niya ay nagtayo ng tent sa gubat ang binata noong hindi pa niya ito natagpuan. Nakasuot ito ng white t-shirt at cargo pants lang, pero tila lalong nadagdagan ang kakisigan nito.

Isang malungkot na ngiti ang iginanti niya kay Hexan nang ngitian siya nito.

“I’m gonna miss you. Kailan ka ba babalik ng Manila?” malungkot na tanong nito sa kanya.

“Two weeks ang kinuha kong bakasyon kaya medyo matatagalan pa ako dito.”

Tumango-tango ito. “Okay. Till we meet again. Ito na siguro ang pinaka-memorable na bakasyon na nangyari sa buhay ko.”

“Because you met me here, right?”

“Right,” pag-amin ng lalaki.

“O, bihis ka na pala. Kunin mo ’to. Maaga kong ginawa ’yan para luto na bago ka umalis.” Iniabot ni Lolo Temyong kay Hexan ang isang eco bag at nang silipin iyon ng binata ay aluminium food tray ang nakapaloob doon.

“Maraming-maraming salamat ho. Nag-abala pa talaga kayo.”

“Wag mong isipin iyon, hijo. Mas nagpapasalamat

ako na nakilala kita at pinili mo ang lugar namin para sa iyong bakasyon.”

“Napakaganda ho ng lugar ninyo kaya hindi po ako magsasawang bumalik dito.” Biglang lumipad ang mga mata ni Hexan kay Kimberly. Mas may dahilan na itong bumalik sa lugar.

“Mag-iingat ka,” usal ng babae.

“Salamat. Ikaw din.”

Hindi muna siya pumasok sa bahay hanggang natatanaw pa niya ang tricycle na maghahatid sa lalaki sa terminal ng bus na bibiyahe papuntang Maynila.

Ang nakalipas na mga araw ng bakasyon ni Kimberly ay hindi na masaya. Bumalik siya sa ilog kung saan niya unang nakilala si Hexan.

Biglang nag-flashback lahat sa utak niya ang eksena nilang dalawa sa gitna ng kagubatan. Siya habang nakapatong sa lalaki at ito naman ay titig na titig sa kanya habang nakapulupot sa baywang niya ang matipuno nitong braso. Biglang uminit ang kanyang pakiramdam. Sinalat niya ang mga labi at pakiramdam niya, kahapon lang naganap ang lahat. Parang nasa dreamland siya sa tuwing naaalala niya ang unang pagtatagpo nila ni Hexan.



Akala ni Hexan ay magiging normal na ulit ang

takbo ng buhay niya pagbalik ng Manila. Dapat masaya na siya kasi tanggap na niyang ikinasal na ang ex-fiancée niya sa ibang lalaki, pero kakaibang kalungkutan pa rin ang nararamdaman niya. At iisang mukha lang ang lumitaw sa balintataw niya. It was Kimberly. Ang babaeng walang kahirap-hirap na pinasok ang puso niyang nakakandado na. This was wrong. All was wrong!

Naputol ang pagmumuni-muni ni Hexan nang tumunog ang kanyang telepono na natatakpan ng mga nakakalat niyang drawing materials.

“Hello, good afternoon po. Yes po! Thank you kung ganoon.” It was Mrs. San Diego. Hindi lang kliyente si Mrs. Zilvia San Diego kundi isa sa mga importanteng tao sa buhay niya.

Mabilis siyang nagbihis at lumabas ng maliit niyang workroom. Iniwan na niya ang mga kalat.

“I really love this one, hijo.” Ang dala niyang painting ang tinutukoy ni Mrs. San Diego.

“Salamat po, Nanay.” Walang pagsidlan ang kaligayahang nararamdaman ng binata sa tuwing pinupuri ng sinuman ang kanyang obra maestra. Painting was his passion. It was his happiness.

“Bagay na bagay itong isabit sa sala ng *Kanlungan*. Surely, the kids would be happy to see this masterpiece.” Hindi naitago ang kasiyahan sa



mukha ng babaeng nasa mid-seventies ang edad. Ang *Kanlungan* na tinutukoy nito ay ang isang bahay-ampunan na sobrang importante sa kanya.

“I’m willing to pay any amount for this.” There was a spark of too much happiness in the old woman’s eyes. At sapat nang kabayaran sa obra niya ang kaligayahang iyon ng babae.

“Because of that happiness I saw in your eyes, consider this one as gift.”

“No! You must be kidding, hijo.” Nanlaki ang mga mata ng kausap sa labis na galak. Hinawakan pa nito nang mahigpit ang mga kamay niya.

“You deserve more than this, Nanay.” Nag-iba ang tema ng usapan nila. Biglang bumalik sa kanya ang isang masaya at mapait na kahapon sa piling ng babaeng kaharap niya.

“Hindi mo alam kung gaano mo ako pinasaya, Hexan.” Nakita niya ang paggulong ng mga luha sa magkabilang pisngi nito.

“I don’t want to see you in tears. Not again.” Mabilis niyang pinunasan ang likido sa gilid ng mga mata nito saka tinawag ang waitress para sa bill.

Si Mrs. San Diego ay isang battered wife. Halos tinakasan na raw ito ng bait nang ma-rescue ng mga taga-*DSWD*. Pero nang gumaling na ito ay ang mismong asawa nitong banyaga ang lumapit at

humingi ng tawad bago pa man namatay kasabay ng pag-iwan ng milyon-milyong ari-arian nito.

Inalalayan niyang tumayo ang matanda at sabay na silang tumungo sa parking lot kung saan nakaparada ang kanilang mga sasakyan.

Nang sapitin niya ang parking lot ng *Kanlungan* ay nakita niyang naroroon na ang sasakyan ni Mrs. San Diego. Wala pa rin itong kupas pagdating sa pagmamaneho. Para itong laging sumasali sa karera sa sobrang bilis magpatakbo kaya naunahan na naman siya.

Kakaibang saya ang dumapo sa kanyang dibdib pag-apak niya pa lang sa pintuan ng bahay-ampunan. May strong attachment sila ng lugar na iyon.

“Kuya Hexan!” Dinumog siya ng mga batang nasa edad lima hanggang walong taong gulang.

“O, dahan-dahan lang at baka matumba kayo.” Sabay-sabay na nagsiyakapan sa kanya ang mga bata kaya nauwi iyon sa group hug.

“Miss na miss ka ng mga bata,” naluluhang wika sa kanya ni Mrs. San Diego pagkapasok pa lang nila ng receiving room.

“Pasensya na ho kung minsan na lang ako makadalaw.” Nabasa agad ng biyuda ang lungkot na rumehistro sa mga mata niya. Alam nito ang nangyari sa kanila ni Ava.

“Don’t be sad. Hindi bagay sa ’yo. Ang bagay sa ’yo—”

“Alam ko na po ’yan. Ang bagay sa akin ay ngumiti,” nakangiting salo niya.

Umiling ito. “Hindi. Ang bagay sa ’yo ay maghanap ng bago. C’mon, life is too short, everybody deserves to enjoy it. At ikaw, seryoso ako na kailangan mo nang maghanap ng ibang babae. ’Yong someone na deserving pahalagahan, alagaan at mahalín. Not that someone na iiwanan ka kapag nakuha na nila ang gusto nila or nakakilala ng mas mapera kesa sa ’yo. That kind of woman is probably a whore. Ginagawa nilang pain ang sarili nila sa mga gutom na buwaya na handang ibigay ang lahat ng kanilang gusto.”

Alam niyang may punto ang kausap. Hindi rin niya inakala na ganoon si Ava. The woman was so simple. Lahat ng binibili niya rito ay kailangan niya pang magdrama para tanggapin ng babae. It was too late to realize that his gifts were not enough. Hindi pala sapat dito ang mga alahas lang. Gusto pala ng babae ay mamahaling sasakyan at unlimited travel sa iba’t ibang bansa and obviously, hindi niya afford ang ganoong lifestyle ni Ava dahil mas may higit na nangangailangan ng pera niya.

“Hindi ka dapat nanghihinayang na mawala

ang ganoong uri ng babae. After those struggles you've been through, you deserve a contented and faithful one.”

Biglang sumagi sa isip ni Hexan ang imahe ni Kimberly. Ang babaeng may mapaglarong ngiti ang nagpapabilis sa tibok ng puso niya.



“Totoo ba ’yong itinawag ng lolo mo?” Nagulat si Kimberly sa biglang pagpasok ng mama niya sa kuwarto.

“Ang alin, Ma?” pagmamaang-maangan niya.

“Na wala na raw kayo ni Clint at ’yon daw ang dahilan kung bakit umuwi ka doon.”

“Sinabi ko naman ho sa inyo na kahit kailan hindi ako kayang mahalín ng lalaking gustong-gusto n’yo para sa akin.” May kalakip na sarkasmo ang tinig niya nang sabihin iyon.

“I’m so sorry...” Ramdam niya ang guilt sa boses ni Margarita.

“Sana ho masaya na kayo.” Hindi niya maiwasang magtampo sa kanyang ina.

“Pasensya na, anak, kung sa ganoon kayo humantong. Akala kasi namin ni Rosanna ay mauwi ang lahat sa kasalan. Sorry kung nasasaktan ka. Alam kong natutunan mo nang mahalín si Clint kaya nasasaktan ka ngayon na kami ang may

kasalanan.”

“Gusto kong mapag-isa, Ma.” Malungkot na tumango si Margarita at lumabas ng kuwarto niya.

Pagkalabas ng ina ay napabuntong-hininga ang dalaga. Hindi niya puwedeng sisihin ang mama niya at ang ina ni Clint kasi hindi naman siya diniktahan ng mga ito na mahal in niya nang sagad ang lalaki. Responsibilidad niyang kontrolin ang sarili, pero hindi siya nagdahan-dahan.

Minahal niya ang binata nang higit pa sa inakala nito. Her love for him was so deep kaya ganoon na lamang ang hapding naramdaman niya nang matuklasan na may iba nang kinakatagpo ang dating kasintahan. Subalit ang panlolokong iyon ay pilit na itinanggi ng binata, marahil ay nahihiya ito sa mama niya.

Bumangon siyang muli at dinala ang laptop niya sa work table na malapit sa bintana. Binuksan niya iyon at pumunta siya sa gallery. Kahapon ay nailipat na niya sa laptop ang mga pictures na laman ng cell phone.

All was a perfect shot. Walang kailangang itapon sa mga kuha niya. Pero ano ang gagawin niya sa mga larawang iyon? Isa lang naman ang kailangan ng kaibigan niyang si Abbie. Naalala niyang wala pa palang permiso galing kay Hexan kung maaari

niyang gamitin ang litrato nito. Nawala iyon sa isip niya habang nasa probinsya. Noong magkasama kasi sila ng lalaki ay hindi na niya naalala ang tungkol sa mga larawan na gagamitin niya para sa book cover. Nag-enjoy siya masyado sa presensya nito. Pero saan niya ito hahagilapin?

Nagpasya siyang tawagan ang lolo niya para hingin dito ang number ni Hexan, subalit ang sinabi ng matanda ay wala itong bagong number ng binata. Matagal na raw hindi ma-contact ang huling number nito na ibinigay sa kanyang abuelo.

Wala siyang choice kundi hanapin ang lalaki sa *Facebook*. Siguro naman may account ito.

Marami itong kapangalan na lumabas sa search history, pero hindi nahirapan si Kimberly dahil ang mismong profile picture nito ay ang larawang katulad ng hawak niya. Paanong nagkaroon ng kopya ang lalaki?

Nag-message siya kay Hexan via *Messenger* para tanungin kung free ito ngayong araw. Ilang minuto siyang naghintay hanggang sa tumunog ang message notification ng *Messenger* niya. Nanginginig pa ang kanyang kamay nang damputin ang telepono na nasa tagiliran lang niya.

May ibinigay na address sa kanya si Hexan at mabilis siyang nagbihis upang puntahan ang lugar.



It was a cozy coffee shop. Ipinagbukas siya ng pinto ng guard. Namangha siya nang masilayan ang loob ng kapehang iyon. Napapaligiran iyon ng mga paintings ng hinahangaan niyang si Hab, isang sikat na pintor. Hindi pa niya nakikita ang lalaki sa personal, pero ayon sa research niya ay isa itong Pinoy. Sadyang mailap lang daw ito sa publiko.

Pakiramdam ni Kim, kasama niya mismo ang taong nasa likod ng mga obra maestrang nakapaligid sa kanya. She was teary-eyed as she stared at the paintings one by one. Napatuwid siya ng tayo nang biglang may nagsalita sa likuran niya. Humarap si Kimberly sa pinanggalingan ng tinig.

“Are you crying?” nag-aalalang tanong ni Hexan sa dalaga.

“No. I’m just so happy to see his works.” Nakita niya ang pagmamalaki sa mga mata ng lalaki kaya nahulaan niyang idol din nito ang hinahangaan niyang pintor.

Inakay siya nito patungo sa isang mesa na pandalawahan. Nasa sulok iyon kaya may privacy silang dalawa.

“So, ano’ng dahilan at gusto mo akong makita? Na-miss mo ako agad?”

Namula siya sa tanong nito. “Gusto kong hingiin

ang permiso mo doon sa litratong sinabi ko sa 'yo. Pasensya na kung ngayon ko lang naalala.”

Nag-isip muna ito bago sumagot, “Papayagan kitang gamitin ang mga pictures na 'yon, pero sa isang kondisyon.”

Kinabahan na agad siya nang marinig ang salitang *kondisyon*.

“Hexan...” Rattled siya habang inuusal ang pangalan ng lalaki. Dasal niya na sana ay nagbibiro lang ito. Pero sa nakikita niya ay mukhang seryoso talaga ang lalaki. “Say it, please.”

“Papayagan lang kitang gamitin ang litrato natin kung aaminin mong nami-miss mo ako.” Hindi pa man ito tapos sa pagsasalita ay pinamulahan na naman siya ng mukha. Hindi na niya kailangang magsinungaling kaya mabilis na tumango si Kim at lumitaw ang nahihiyang ngiti sa mga labi niya.

“I miss you, too.” Napalunok ang dalaga dahil sa rebelasyon ng kausap. Totoo man iyon o hindi, wala na siyang pakialam basta kinikilig siya.

Hanggang sa dumating ang order nila ay panay lang ang titig at ngiti sa kanya ni Hexan. Mukhang nagpapa-cute ito sa kanya. At very effective ang ginagawa nito kasi pakiramdam niya ay bumabalik siya sa pagiging teenager.

“It's nice to see you again. Akala ko mahihirapan



akong halughugin ang Metro Manila mahanap lang ang bahay n'yo.”

“So, may balak ka talagang hanapin ako? Bakit kasi hindi mo pa kinuha ang number or address ko habang magkasama tayo sa probinsya?”

“Well, nag-enjoy ako masyado habang kasama kita kaya may mga bagay na nakalimutan ko nang itanong.” Tumango lang siya sa sinabi nito. Her eyes were focused on the food. Takot siyang tumingin sa lalaki. Masyado pang maaga para malaman nito ang nararamdaman niya para rito.

Nang matapos silang kumain ay inalalayan pa siya ni Hexan na tumayo. Wow, gentleman!

“Thank you for giving me a great time today.” Matamis na ngumiti ito sa kanya. Lalong naging kaakit-akit ang mga mata nito habang nakangiti.

“Salamat kung nag-enjoy ka.” Habang nag-uusap sila ay madalas itong nakatingin sa kanya. Titig pa lang nito ay nagliligalig na ang puso niya.

“Till next time,” muling paalam ng lalaki nang pasakay na si Kimberly sa sasakyan niya.

“Mag-iingat ka,” maikling ganti niya na halata namang ikinasiya ng binata.

Pagdating ng bahay ay nagpahinga lang nang kaunti ang dalaga at ganadong inumpisahan niyang mag-lay-out para sa book cover ng kaibigan niya.

Romance novelist si Abbie pero mukhang hindi yata akma ang larawang napili niya. Mas bagay kasi iyon para sa isang erotic genre na story. Ilang beses niyang zinoom-out ang katawan ni Hexan at pakiramdam niya ay bumalik siya sa mismong araw na nadama niya ang kahubdan nito.

Pagkatapos niyang gawin ang tatlong book cover design ay ipinasa na niya iyon kay Abbie. Ginawa niyang tatlo iyon para may choices ang babae.